Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 15 NG NOBYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | .................................... | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .................................... | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .................................... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .................................... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .................................... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .................................... | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | .................................... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .................................... | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ........................... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .................................... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .................................... | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 349-T'2000*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG PAMAHALAANG BAYAN NA PAGLALAANAN NG 20 BAHAGDANG KABAHAGI NG PONDONG PANGKAUNLARAN (20% DEVELOPMENT FUND) PARA SA TAONG 2001.*

*SAPAGKA'T*, sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 12-T'2000 ng Municipal Development Council (MDC) ay pinaglibay ang AIP para sa taong 2001 na naglalayong makapagbalangkas ng mga programa, proyekto at palatutunang makatutugon sa pangangailangan ng mga barangay at ng bayang ito;

*SAPAGKA'T*, matapos na masuri ng sangguniang ito ang mga nasabing plano at makita ang pagsunod nito sa mga hanay ng programa at proyektong dapat na ipatupad ayon sa Local Budget Circular 70 alinsunod sa Executive Order #189 ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Good Government na pagtibayin na ang AIP ng pamahalaang bayan na paglalaanan mula sa 20% development fund.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier,Jr., na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Annual Investment Plan (AIP) ng pamahalaang bayan na paglalaanan ng 20% Kabahagi ng Pondong Pangkaunlaran (20% Development Fund) para sa taong 2001.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, at Lahat ng pinuno ng tanggapan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.
PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan